# *Ang Bunga ng Espiritu Yugto 2*

***"Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23 KJV)***

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito sa pagsasabi tungkol sa natitirang bunga ng Espiritu. Naipahayag na natin dati ang tungkol sa pagibig, kagalakan, kapayapaan, at mahabang pagdurusa.

**5. *Kagandahang-loob:*** * Ang iyong magaspang na pamamaraan ng pagsigaw at pagsasalita ng masasakit na salita, ay mapapalitan ng pang aaliw na mga salita, kaaya ayang mga patotoo, papuri at pagpapasalamat sa Dios. * Ikaw ay magiging maingat na huwag makasakit kaninuman na nakapalibot sa iyo sa paraang ikaw ay magsasalita. Sinabi ni Pablo sa mga Taga Tesalonica sa pagsasalarawan ng kanyang mga gawa habang siya ay kasama nila ng mga sumusunod: ***"7 Kundi kami ay nangagpapakalumanay sa gitna ninyo, na gaya ng isang sisiwa pagka inaamoamo ang kaniyang sariling mga anak:" (1 Tesalonica 2:7 KJV)*** Ang sisiwa dito ay ang mapagkalingang ina sa kanyang mga anak; na minamahal niya sila at inaalagaan sila, nagsasalita sa kanila ng malumanay at magagandang salita nagpapahayag ng mabubuting bagay na nasa loob niya patungo sa kanila. * ang kaamuhan ay dapat ganapin sa kapaligiran ng tahanan sa loob ng mga kasapi ng pamilya, lalo na sa iyong sariling pamilya. Pati na rin ang kahinahunan ay kailangang ganapin sa buhay ng ating simbahan sa mga kasapi, sapagkat ang simbahan ay ang pamilya ng Dios. * Sa ating paglilingkod at ministeryo kailangan nating maging maamo sa lahat ng tao at magsalita ng mabuti at magiliw na mga salita sa kanila. Sinabi ni Pablo kay Timoteo ang sumusunod: ***"24 At ang alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtalo, kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin." (2 Timoteo 2:24 KJV)*** Kailangan mong sanayin ang kaamuhan patungo sa lahat ng tao sa pag abot sa kanila sa pag eevangelio at sa panahon ng pagdidisipolo at sa pagpapayo at sa pagsasanay sa kanila upang paglingkuran ang Dios. Inutusan ni Pablo si Tito kung anong ituturo sa mga kapatid at ang susunod ay isa sa mga tagubilin: ***"2 Na huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man, na huwag makipagtalo, kundi mapakahinhin, at magpakahinahon sa lahat ng mga tao." (Tito 3:2 KJV)*** Na dapat huwag gumamit ng dila upang magsalita ng masasamang bagay sa iba, huwag makipagtalo, kundi maging mahinahon, magsalita ng mabubuting salita at ipakita ang kababaang loob patungo sa lahat ng tao. Kaya, huwag tayong magsalita ng masama tungkol sa mga tao kundi ng katotohanan, huwag tayong makipag away, kundi maging mahinahon sa ating pagsasalita at mga gawa, pagpapakita ng kababaang loob patungo sa ibang mga tao.

Patungkol sa kagandahang loob, inilarawan ni Apostol Santiago ang karunungan na buhat sa Langit gaya ng sumusunod: ***"17 Nguni't ang karunungang buhat sa itaas, ay una-una'y malinis saka mapayapa, banayad, madaling panaingan, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw." (Santiago 3:17 KJV)*** Isa sa mga katangian ng karunungan ng Dios ay pagpapakita ng kagandahang loob. Kaya nga ipakita pa natin ang higit ng kagandahang loob upang maipahayag natin ang karunungan ng Dios.

Gayundin hinaharap tayo ng Dios sa kagandahang loob, at ang Kanyang kagandahang loob ay gagawing dakila tayo gaya ng sinabi ni David, ***"35 Iyo namang ibinigay sa akin ang kalasag na iyong pangligtas: at inalalayan ako ng iyong kanan, at pinadakila ako ng iyong kahinahunan." (Awit 18:35 KJV)*** Kaya, harapin natin nang may kahinahunan ang mga kasapi ng ating pamilya, ang ating mga kapatid sa simbahan at ang mga taong nakapaligid sa atin, at sa ilalim ng ating pangangalaga upang sila'y lumago at maging dakila. Nais pa rin ng Dios sa atin na maging mahinahon sa kanila.

***6. Kabutihan:*** Pagkatapos nating makilala si Cristo tayo'y tinawag upang gawin ang mabubuting gawain na naunang Niyang inihanda na gawa natin, ***"10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10 KJV)*** Ang kabutihan o kabaitan ay ang mabubuting gawa na itinakda ng Dios na gawin mo. Dati, ikaw ay mayroong hindi makatwiran na pag uugali patungo sa mga taong nakapalibot sa iyo. Ngunit ngayon ikaw ay mas nagiging mabait sa kanila sa paggawa ng mga napakabuting gawa na naunang inihanda ng Dios para sa iyo upang gawin mo. Ikaw ay nagiging mabait sa mga dukha, sa mga alipin, sa mga maysakit, sa mga bilanggo, at sa mga inaapi. Ikaw ay nagiging mabait sa mga balo, ulila, taong matatanda, at sa mga nasa kaguluhan at nahaharap sa mga pagsubok ng kapighatian. Ang iyong mga kamay ay nag-aabot ng pagmamahal sa mahihina, mahihirap at mahihinang tao sa palibot mo. ***"13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag, 14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:13-14 KJV)*** Babaguhin ng Dios ang pang araw-araw mong gawain patungo sa paggawa ng mabubuting gawa sa Dios at sa iba. Ang pagbabago ay maaring sumanggi sa iyong pang araw-araw na aliwan at ang panahon na inilalaan mo upang paluguran ang iyong sarili. Ang panahon na inilaan mo sa walang katuturang bagay ay ibibigay mo sa Dios upang magamit sa maayos na paraan. Mapapansin mo at makikita ng mga taong nakapalibot sa iyo kung paanong ikaw ay nababago mula sa mapanakit o walang kwentang tao sa isang

kapakipakinabang at makabuluhang anak ng Dios. Ang pagbabago ay palalawakin sa iyong personal na buhay, sa trabaho, sa hanapbuhay, at hinaharap na mga plano. Ang lahat ng ito ay hinipo sa pamamagitan ng Dios, at mababago o magagamit sa isang mas maayos na paraan na naayon sa Kanyang kabutihan at sakdal na plano para sa iyo. Isiping mabuti ngayon ang tungkol sa iyong oras at mga mapagkukunan at tanggalin ang mga alinmang gawain sa iyong buhay na ginamit mo ang iyong mapagkukunan sa hindi makadios na paraan kagay ng pagkakaroon ng mga kaibigan at paglalaan ng oras sa kanila, paglalaan ng oras sa mga pagdiriwang, paglalaan ng oras sa net, Facebook, YOU Tube, at mga laro at ang lahat ng mga pang aaliw at sa social Media na ginamit nang higit ang iyong panahon at hadlangan sa iyo sa pagkamit ng itinakda ng Dios para sa iyo na gawin ng mabubuting gawa at ministeryo. Gumising ngayon, magsisi sa lahat ng gayon at lumapit nang lubusan sa Dios at simulan ang paglilingkod sa Kanya.

***7. Pananampalataya:*** Ay ang isa sa bunga ng Banal na Espiritu at iyon ay ang pagtitiwala sa Dios at simulang sumunod sa Kanya. Sa pamamagitan ng pananampalataya matatanggap natin ang kaligtasan ng Dios, ang Kanyang mga kaloob sa atin, na ibinigay Niya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ***“8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios;” (Epeso 2:8 KJV)*** Ang pananampalataya sa Dios ay nagmumula sa pakikinig, sa pakikinig sa Salita ng Dios, ***“17 Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Dios.” (Roma 10:17)*** Kaya naman kailangan mong magpatuloy sa pagbabasa at pakikinig sa Salita ng Dios upang ang iyong pananampalatay ay madagdagan. Ngunit ang panonood ng mga balita, pelikula, Facebook, paglalaro ng mga palaro at ibang pang pag aaliwan sa Media ay makakapagpilay sa iyong pananampalataya, kaya maging maingat at tigilan ang mga iyon. Ang mga apostol ay nanalangin kay Jesus na dagdagan ang kanilang pananampalataya, ***“5 At sinabi ng mga apostol sa Panginoon, Dagdagan mo ang pananampalataya namin.” (Lucas 17:5 KJV)*** Kaya kailangan nating hilingin kay Jesus na dagdagan ang ating pananampalataya, sapagkat kapag ang ating pananampalataya ay nadagdagan magagawa nating sumunod sa Dios at gawin ang higit na mga gawa na magpapahayag at magpapakita ng ating totoong pananampalataya sa Dios. ***“14 Anong pakikinabangin, mga kapatid ko, kung sinasabi ng sinoman na siya'y may pananampalataya, nguni't walang mga gawa? makapagliligtas baga sa kaniya ang pananampalatayang iyan? 15 Kung ang isang kapatid na lalake o babae ay hubad at walang kakanin araw-araw, 16 At ang isa sa inyo ay magsabi sa kanila, Magsiyaon kayong payapa, kayo'y mangagpainit at mangagpakabusog; at gayon ma'y hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang mga bagay na kinakailangan ng katawan; anong mapapakinabang dito? 17 Gayon din naman ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay sa kaniyang sarili. 18 Oo, sasabihin ng isang tao, Ikaw ay mayroong pananampalataya, at ako'y mayroong mga gawa: ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang hiwalay sa mga gawa, at ako sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita sa iyo ang aking pananampalataya. 19 Ikaw ay sumasampalataya na ang Dios ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa: ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig. 20 Datapuwa't ibig mo bagang maalaman, Oh taong walang kabuluhan, na ang pananampalataya na walang mga gawa ay baog? 21 Hindi baga ang ating amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa kaniyang inihain si Isaac na kaniyang anak sa ibabaw ng dambana? 22 Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya; 23 At natupad ang kasulatan na nagsasabi, At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kaniya; at siya'y tinawag na kaibigan ng Dios. 24 Nakikita ninyo na sa pamamagitan ng mga gawa'y inaaring ganap ang tao, at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. 25 At gayon din naman hindi rin baga si Rahab na patutot ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan? 26 Sapagka't kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, ay gayon din ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay.” (Santiago 2:14-26 KJV)*** Ang pananampalataya ay makakatulong sa atin na gawin ang mabubuting gawain ng Dios; ang pananampalataya ay makakatulong sa atin na sumunod sa Dios gaya dito ni Abraham na tumalima sa Dios nang inihandog niya ang kanyang anak na si Isaac, sa dambana, gaya ni Rahab ang patutot sa pamamagitan ng pananampalatay ay tumalima sa Dios, na handang lumaya mula sa kanyang mga kasalanan at sinimulang gawin ang mabubuting gawain ng Dios. Ang pananampalataya ay magagawa mong maging tapat sa Dios na nagligtas sa iyo mula sa kamatayan at nagbigay sa iyo ng buhay na walang hanggan. Ang iyong katapatan ay ipapaabot sa iyong pamilya, sa iyong sangbahayan, sa iyong asawa (katapatan sa mag asawa), sa iyong mga anak (katapatan ng mga magulang), sa Simbahan ng Dios, at pati na rin sa iyong trabaho, at sa mga hindi mananampalataya sa pagbibigay sa kanila ng mabuting balita at namumuhay sa isang mabuting patotoo sa harapan nila.

Ang pananampalataya ay makakapagpakilos sa bundok sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Dios na gawin ang imposibleng mga bagay. ***“22 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios. 23 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon. 24 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin.” (Marcos 11:22-24 KJV)*** Si Jesus nang nakita Niya ang pananampalataya ng mga nagdala sa Kanya ng isang

lalaki na pilay, pinagaling Niya siya, ***“20 At pagkakita sa kanilang pananampalataya, ay kaniyang sinabi, Lalake, ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan.” (Lucas 5:20 KJV)***

***8. Kaamuan:*** Ay upang maging mapagkumbaba, ang isa pang bunga ng Espiritu na nagpapakita ng katangian ni Jesus, ***“5 Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa.” (Mateo 5:5 KJV)*** Ang kaamuhan ay pagkakaroon ng parehong kaisipan at pag uugali ni Cristo, ***“1 Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag, 2 Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pagiisip; 3 Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; 4 Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba. 5 Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman: 6 Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, 7 Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: 8 At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus. 9 Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan; 10 Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa, 11 At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.” (Filipos 2:1-11 KJV)*** Ang kaamuhan ay makikita sa pamamagitan ng mga sumusunod:

***A. Pahalagahan ang iba: “Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;” (Filipos 2:3 KJV)*** Tingnan ang mabubuting bagay sa iba at pahalagan ang mga punto na mayroon ang iba at mas mabuti kaysa sa iyo.
***B. Ang maging magpakumbaba ay hindi pagiging makasarili: “4 Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba.” (Filipos 2:4 KJV)*** Isipin ang tungkol sa kagustuhan ng iba at hindi ang iyong kagustuhan lamang.
***C. Huwag magmalaki tungkol sa iyong sarili kung sino ka: “7 Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao:” (Filipos 2:7 KJV)*** Ginawa ni Jesus ang Kanyang Sarili na walang reputasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng anyo ng isang alipin upang maglingkod sa iba. Bagama't Siya ay Dios, ngunit handang maging lingkod upang maglingkod sa layunin ng Dios, at maglingkod sa mga tao na namatay Siya. Maging handa upang maging lingkod at tagapagbigay ng serbisyo upang makatulong sa mga nangangailangan.
***D. Maging handa na ipakumbaba ang iyong sarili at huwag hayaang pilitin ka ng Dios na magpakumbaba: “8 At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.” (Filipos 2:8 KJV)*** K Kusa nagpakumbaba si Jesus at handang maging tao; na Siya ay bumaba mula sa pagiging Dios upang maging tao, at handang magdusa para sa layunin ng Dios; kusang loob na ibinigay Niya ang Kanyang buhay, maging sa kamatayan ang pagkamatay sa krus kasama ang lahat ng pagdurusa nito. Sa gayon ding paraan maging handa na magpakumbaba at kusang magpakumbaba para sa layunin ng Dios at tanggapin ang pagdurusa para kay Cristo at sa Kanyang kalooban sa iyong buhay.

***9. Pagpipigil:*** Ay upang magkaroon ng pagtitimpi o pagpipigil sa sarili na dapat alam mo kung kailangan mong tumigil. Ang lahat ng makasalanang mga gawa ay labag sa Dios at dapat kang magkaroon ng pagpipigil sa sarili na huwag gawin ang alinman sa mga ito gaya ng sumusunod: ***“19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios.” (Galacia 5:19-21 KJV)*** Upang isagawa ang pagpipigil sa ating asal kailangan nating umiwas sa mga gawain at saloobin na makakasakit sa ating kapwa o nauuwi sa pagkalulong at pagkaalipin. Ang pagtitimpi o pagpipigil sa sarili ay isa sa mga pangunahing kabanalan ng mga Cristiano gaya ng mababasa natin sa sumusunod na Kasulatan: ***“25 At ang bawa't tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong walang pagkasira.” (1 Corinto 9:25 KJV)*** Sa gayon habang tayo'y nagtitiis upang makarating sa Langit sa gayon dapat tayong umiwas at huwag hayaan ang mga gawa ng laman na manaig sa ating buhay. ***“8 Kundi mapagpatuloy, maibigin sa mabuti, mahinahon ang pagiisip, matuwid, banal, mapagpigil.” (Tito 1:8 KJV)*** Gaya ng babasahin natin dito isa sa katangian ng mga naglilingkod sa Dios ay maging mapagtimpi; kaya, kailangan nating maging mapagtimpi at magkaroon ng pagpipigil sa sarili upang iwasan ang lahat ng gawa ng laman. ***“2 Na ang matatandang lalake ay maging mapagpigil, mahusay, mahinahon ang pagiisip, magagaling sa pananampalataya, sa pagibig, sa pagtitiis:”***

***(Tito 2:2 KJV)*** Lalaki man o babae lahat ay kailangang maging mapagtimpi at magkaroon ng pagpipigil sa sarili at bilang mga sumusunod:

***A. Pinapayuhan tayo na isagawa ang pagtitimpi at balanse sa ating mga pag-uugali: "5 Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na." (Filipos 4:5 KJV)*** Iwasan ang pagpunta sa mga sukdulan na hindi natin matatagpuan sa Kasulatan.

***B. Ipinahihiwatig ng Kasulatan na kaya nating pigilin ang ating pag iisip: "8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:8 KJV)*** Dapat nating pigilin ang ating saloobin at huwag hayaang ang ating isipan na pumunta sa maling paraan ng pag iisip at pagkakaroon ng maling saloobin tungkol sa iba.

***C. Ipinahihiwatig ng Kasulatan na kaya nating pigilan ang ating galit: "26 Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit:" (Epeso 4:26 KJV) "4 Kayo'y magsipanginig, at huwag mangagkasala: mangagbulaybulay kayo ng inyong puso sa inyong higaan, at kayo'y magsitahimik." (Epeso 4:4 KJV)*** Bago ka matulog kailangan mong ayusin ang iyong galit at pigilin ang iyong saloobin at mga gawa, at magpasya kung anong kailangan mong gawin; ilagay sa iyong isip na kailangan mong isagawa, at pigilan ang lahat ng sagot na gagawing mas malala ang sitwasyon. ***"19 Nalalaman ninyo ito, minamahal kong mga kapatid. Nguni't magmaliksi ang bawa't tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita, magmakupad sa pagkagalit; 20 Sapagka't ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios. 21 Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa." (Santiago 1:19-21 KJV)*** Kaya gawin mo ang lahat ng iyong makakaya upang pigilin ang iyong galit upang mabuhay ng isang buhay na kalugod lugod sa Dios.

***D. Ang Kasulatan ay nagpapahiwatig na ito ay nasa ating kakayahang pigilin ang ating pakikipag usap: "29 Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig." (Epeso 4:29 KJV) "8 Datapuwa't ngayon ay inyo namang layuan ang lahat ng mga ito: galit, kapootan, paghihinala, panunungayaw, mga salitang kahalay-halay na mula sa inyong bibig:" (Colosas 3:8 KJV)*** Huwag mo dapat hayaang lumabas ang masasamang salita mula sa iyong bibig, ilagay sa iyong isipan na ang iyong salita ay makakayang makapag tatag ng iba o makasira sa kanila.

***E. Ang Kasulatan ay nagpapahiwatig na ito ay nasa ating kakayahang pigilin ang ating nakasanayang pagkain na hindi dapat tayo mapunta sa katakawan at kahalayan: "1 Pagka ikaw ay nauupong kumain na kasalo ng isang pangulo, kilanlin mong maigi siya na nasa harap mo; 2 At maglagay ka ng sundang sa iyong lalamunan, kung ikaw ay taong bigay sa pagkain. 3 Huwag kang mapagnais ng kaniyang mga masarap na pagkain; yamang mga marayang pagkain." (Kawikaan 23:1-3 KJV)*** Tinawag din tayo upang magkaroon ng pagpipigil sa sarili at umiwas nang lubusan sa paginom ng alak na nakakaapekto sa isip ng tao at nakakalagpaligaw sa tao. ***"1 Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo; at sinomang napaliligaw sa kaniya ay hindi pantas." (Kawikaan 20:1 KJV) "20 Huwag kang mapasama sa mga mapaglango; sa mga mayamong mangangain ng karne: 30 Silang nangaghihintay sa alak; silang nagsisiyaon upang humanap ng pinaghalong alak. 31 Huwag kang tumingin sa alak pagka mapula, pagka nagbibigay ng kaniyang kulay sa saro, 32 Sa huli ay kumakagat ito na parang ahas, at tumutukang parang ulupong. 33 Ang iyong mga mata ay titingin ng mga katuwang bagay, at ang iyong puso ay nagbabadya ng mga magdarayang bagay. 34 Oo, ikaw ay magiging parang nahihiga sa gitna ng dagat, o parang nahihiga sa dulo ng isang palo ng sasakyan. 35 Kanilang pinalo ako, iyong sasalitain, at hindi ako nasaktan; kanilang hinampas ako, at hindi ko naramdaman: kailan gigising ako? aking hahanapin pa uli." (Kawikaan 23:20, 30-35 KJV) "7 Gayon man ang mga ito ay gumigiray dahil sa alak, at dahil sa matapang na alak ay pahapayhapay; ang saserdote at ang propeta ay gumigiray dahil sa matapang na alak, sila'y nangasakmal ng alak, sila'y pahapayhapay dahil sa matapang na alak: sila'y nangamamali sa pangitain, sila'y nangatitisod sa paghatol." (Isaias 28:7 KJV) "18 At huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu;" (Epeso 5:18 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang bunga ng Espiritu ay kinuhang buo, Hindi wasto para sa iyo na kunin ang ilan at iwan ang iba. Ang kagalakan at kapayapaan ay gusto ng lahat at ito ang unang nakikitang palatandaan ng pagtanggap kay Jesus at pagkamit ng buhay na walang hanggan. Ngunit ang natitirang bunga, pagibig, mahabang pagdurusa, kagandang-loob, kabutihan, pananampalataya, kaamuhan at pagpipigil lahat ay kinakailangang makita sa ating katangian at pagkatao. Sila'y tinawag na bunga at hindi mga bunga, kaya kailangan nating kamitin ang lahat ng mga ito upang masasabi natin na mayroon tayog bunga ng Espiritu sa ating buhay at sa ganoo ay matiyak ang ating paglago at kaganapan kay Cristo at ang ating pagiging epektibo sa ministeryo na ipinagkatiwala sa atin ng Dios, Tunay na kung ating aangkinin na mayroon tayong tunay na pagibig ng Dios sa iba at sa ating sarili, sa gayon nanaisin at pagsisikapan nating anihin ang lahat ng natitirang bunga ng espiritu.

Panahon na para lumapit tayo sa Dios at suriin ang ating kaganapan kung ano ang bunga ang mayroon sa atin at kung anong bunga na kulang sa atin. Habang lubos nating isinusuko ang ating sarili sa Dios kung gayon kailangan nating magpasakop sa gawain ng Banal na Espiritu, upang maging handang mabago upang maipakita ang bunga ng Banal na Espiritu sa ating buhay.
Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa katuruan mula sa iyong Salita na aking tinanggap mula sa mensaheng ito. Salamat para sa walang hanggang buhay na mayroon ako kay Jesus at salamat para sa lahat ng mabubuting pangako sa akin.*

*Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan ngayon sa Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagmamalaki at ang iyong kagaspangan at kawalan ng kagandahang-loob sa iba sa iyong buhay. Ipagtapat ang iyong walang katapatan, ang iyong kawalan ng paglilingkod at walang kahandaang tumulong sa iba at sa hindi paggawa ng mabuting gawain ng ipinagkatiwala ng Dios na gawin mo. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at pagsasayang ng iyong oras sa social Media. Talikuran ang iyong pagmamataas, pagkamakasarili at sariling kabutihan. Talikuran ang iyong kawalan ng pagpipigil sa sarili; galit, kawalan ng pagtitimpi, pag iisip ng masamang saloobin, pagkain ng marami, pag inom ng alak, imoralidad, pagbibigay daan sa iyong laman na gawin ang iyong gusto, at pagpapahintulot ng masamang pakikipag uisap na lumabas mula sa iyong bibig. Panginoon patawarin ako, ipinagtapat at tinalikdan ko ang mga sumusunod na mga kasalanan* _________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa aral na aking tinanggap sa mensaheng ito upang matanggal ang sumusunod na gawa ng laman sa aking buhay* _________________.

*Panginoon ipinangako ko ang sarili na makipagtulungan sa iyo at hayaan ang Banal na Espiritu na magbunga ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagdurusa, kagandahang-loob, kabutihan, pananampalataya, kaamuhan, pagpipigil upang labanan ang gawa ng laman para makita ng mga tao ang katangin at pagkatao ni Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon patuloy mong hatulan sila sa kanilang mga kasalanan at linisin sila mula sa lahat ng mga gawa ng laman. Panginoon patuloy na magsalita ka sa kanila at ipakita sa kanila ang mga kasalanan na dapat nilang pagsisihan at ang paraan ng buhay na kailangan nilang ipamuhay para sa iyo. Panginoon gamitin sila upang paglingkuran ka. Panginoon puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan at pangunahan kami sa makipot na daan at patuloy na disiplinahin kami at ituwid kami upang magparami ng bunga ng Espiritu na nais mong makita sa aming buhay. Panginoon protektahan kami mula sa masama at tustusan ang lahat ng aming kailangan upang makapagpatuloy kaming malingkod sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magawa naming makaparoon at mag evangelio, pag abot sa bagong mga tao, paggawa ng bagong mga disipolo, pagsasanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Biblya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ng biyaya ng Panginoong Jesus at pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Bunga ng Espiritu Yugto 2. Mga Taga Galacia 5:22-23. 1 Tesalonica 2:7. 2 Timoteo 2:24. Tito 3:2. Santiago 3:7. Mga Awit 18:35. Efeso 2:10. Lucas 14:13-14. Efeso 2:8. Mga Taga Roma 10:17. Lucas 17:5. Santiago 2:14-26. Marcos 11:22-24. Lucas 5:20. Mateo 5:5. Mga Taga Filipos 2:1-11. Mga Taga Filipos 2:3. Mga Taga Filipos 2:4. Mga Taga Filipos 2:7. Mga Taga Filipos 2:8. Mga Taga Galacia 5:19-21. 1 Corinto 9:25. Tito 1:8. Tito 2:2. Mga Taga Filipos 4:5. Mga Taga Filipos 4:8. Efeso 4:26. Mga Awit 4:4. Santiago 1:19-21. Efeso 4:29. Mga Taga Colosas 3:8. Kawikaan 23:1-3. Kawikaan 20:1. Kawikaan 23:20, 30-35. Isaias 28:7. Epeso 5:18.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com